



PLANO PARA SA MAHINAHONG AKSYON TUNGO SA BAGONG PAMANTAYAN

Ingatan ang kalusugan ng bayan at ibalik ang
dating pang-araw araw na pamumuhay

Ika 28 ng abril ng taong 2020.

YUGTO 0 – PAGHAHANDA NG DE-ESCALATION O UNTI-UNTING PAGBABA NG MGA PINAGBABAWAL

Kasalukuyang yugto. Ang pagtatatag ng mga hakbang para sa karaniwang kaluwagan sa buong bansa kapag bumaba na ang kurba ng mga nahawaan, pinapayagang gawin ang mga ilang aktibidad sa labas ng bahay, sa kondisyon na ang mga tagubilin sa kaligtasan ay sinusunod, batay sa responsibilidad at pangangalaga ng bawat mamamayan (isahang aktibidad sa palakasan o laro na kailangan ay malayo sa ibang tao at ang paglalakad, pag-aalaga ng mga halaman ng pamilya, ibang mga gawaing pangkabuhayan na may kontrol sa dami ng mga parokyano nila...), habang nasa kasalukuyang yugto na ito maaaring ipatupad ang mga hakbang na tanging ipinasusunod sa ilang lugar o teritoryo lamang.

Ika-1 YUGTO – PASIMULA

Sang-ayon sa pagpapasunod ng mga ipinapahiwatig ng mga namumuno ng ibat -bang teritoryo, pinapayagan ang pagbukas ng ilang mga aktibidad (maliit na negosyo na nagbibigay ng araw at oras para sa takdang tiyapan, o lugar ng paglilingkuran o counter service, mga restawrante o Kainan at kapehan o coffee shop kung saan ay puedeng dalhin ang binibili (take-away), mga gawain sa larangan ng agrikultura, mga gawaing pang propesyonal na laro, mga ilang tirahan para sa mga turista

Ika-2 YUGTO - INTERMEDYA

Sa yugtong ito isinasaalang-alang ang bahagyang pagbukas nga mga gawain na hindi puwedeng gawin sa unang yugto, na may mga limitasyon sa kapasidad, tulad ng mga restawrante na may mesa at terasa, lugar tampukan ng mga turista, malalaking lugar ng komersyo o Malls, atbp.

STAGE III - ADVANCED STAGE

Sa yugtong Ito, puede ng payagan ang pagbukas ng lahat ng mga gawain , pero palaging ipapanatili ang mga kinakailangang hakbang para sa kaligtasan at ang agwat ng bawat isa. Isa sa mga hakbang na kailangang pag-isipan sa yugtong ito ay ang pagbukas ng mga maliliit na tindahan, na hindi pa nabuksan sa nakaraang yugto, na may limitasyon ng kapasidad, bars, discoteka na nabibilang lamang ang kapasidad, museo at ganapang pangkultura, na mayroong ding limitadong kliyente, atbp..

BAGONG PAMANTAYAN

Tatapusin na ang paghihigpit sa lipunan at sa mga gawaing pangkabuhayan, pero mananatili ang pagsusubaybay sa epidemiological, sa pinalakas na kapasidad ng sistema ng kalusugan o sanitario at ang pangangalaga sa sarili ng bawat mamamayan

Pinagmulan: **Ministri ng Kalusugan
Pamahalaan ng Espanya**

Oficina Municipal de Información, Orientación y
Acompañamiento para la Integración Social
de la Población Inmigrante